REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 04-283

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG PAGKILALA AT PARANGAL KAY PO1 REYNOLD S. AGUIRRE NA NAPILI BILANG ISA SA "THE OUTSTANDING POLICEMEN IN THE PHILIPPINES PARA SA TAONG 2003" NA INISPONSORAN NG PHILIPPINE JAYCEES AT IDINEKLARA NOONG IKA-10 NG DISYEMBRE, 2003.**

***********************************************************************

**Ipinanukala ni:** *Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Christian Glenn D. Lorica*
*Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Mggl. Raul R. Corro*
*Kgg. Rene Carl S. Cayetano*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr*
*Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg.. Rufino B. Joaquin*
*Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.*
*Kgg. Artemio A. Simundac*

***********************************************************************

**SAPAGKAT,** si **PO1 REYNOLD S. AGUIRRE**, ay ipinanganak noong ***Nobyembre 25,1975***, nakapag-aral sa ***Bayanan Elementary School- Main at sa Gregorio Umali Memorial School Foundation, Inc.***, nagtapos ng kursong ***B.S. Criminology*** sa ***Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa (formerly Muntinlupa Polytechnic College, MPC);***

**SAPAGKAT,** si **PO1 REYNOLD S. AGUIRRE** ay unang naitalaga sa Muntinlupa Station bilang miyembro ng Station Mobile Police/SWAT, CID Investigation, Intelligence Operative at Investigator ng DAPCO/DEU, Drug Enforcement Unit;

**SAPAGKAT,** sa pagganap ng kanyang tungkulin bilang isang kagawad ng pulisya at Investigator ng Drug Enforcement Unit, si **PO1 REYNOLD S. AGUIRRE**, ay nakahuli ng mga nagtutulak at gumagamit ng mga ipinagbabawal na gamot, carnappers, rapist, mga magnanakaw at mga masasamang loob na may kasong murder, homicide, frustrated homicide, at iba pa;

**SAPAGKAT,** si **PO1 Aguirre** ay tumaggap ng iba't- ibang medalya tulad ng ***PNP Efficiency Medal at PNP Commendation Medal***, komendasyon, rekognisyon, at parangal kasama na dito ang ***Award on Academic Excellence***, bilang isang mabuti at magaling na pulis;

**SAPAGKAT,** si **PO1 Aguirre** ay kabilang at aktibong nakikilahok sa iba't-ibang samahan tulad ng ***Muntinlupa City Police Brotherhood Credit Cooperative Inc., Philippine Air Force Reserve Command, Barangay Bayanan Youth Organization***, at ***Soldiers of Christ Movement (SOC);***

**SAPAGKAT,** si **PO1 Aguirre** ay buong pusong naglilingkod sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-aaral at pakikibahagi bilang isang tagapagsalita hinggil sa paglaban sa mga ipinagbabawal na gamot at upang hikayatin ang mga kabataan maging ang mga gumagamit nito na maging mabuting miyembro ng kanilang komunidad;

**SAPAGKAT,** ang ***Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa*** ay kumikilala at nagbibigay ng parangal sa mga taong natatangi, kakaibang naisakatuparan sa iba't-ibang larangan o gawain;

**NGAYON, DAHIL DITO**, pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa, ang Kapasiyahan na nagbibigay ng pagkilala at parangal kay **PO1 REYNOLD S. AGUIRRE** na napili bilang isa sa ***"The Outstanding Policemen in the Philippines para sa taong 2003"***, na inisponsoran ng ***Philippine Jaycees*** at idineklara noong ***ika-10 ng Disyembre 2003.***

**PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, ng Sangguniang Panlungsod na mapagkalooban ng sipi ng Kapasiyahang ito si **PO1 REYNOLD S. AGUIRRE**;

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong ika-22 ng Enero, 2004, sa kanilang ika-101 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYO, JR.**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**



**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Sectoral Representative*
*President*
*Federation of Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Sectoral Representative*
*President*
*Association of Barangay Captains*

**LIBAN:**

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.**

**LEONORA M. MARCELO**
**Pansamantalang Kalihim**
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
**Pangalawang Punonglungsod/Tagapangulo**

**PINAGTIBAY:**

**ATTY. JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**
**Petsa:________**

**palitz**